# Kadalasang mga Tanong ng Botante

Ang administrasyon ng eleksyon sa Estados Unidos ay lubos na desentralisado na ang bawat estado ay may natatanging grupo ng mga batas na namamahala sa pamamaraan ng pagboto. And pederal na batas ay nagbibigay ng ilang minimo na kung saan dapat sumunod ang mga estado. Samakatuwid, ang pinakamagandang mapagkukunan ng impormasyon sa praktikal na rehistrasyon at pagboto ay ang iyong lokal na opisina ng eleksyon.

Bumisita sa **eac.gov/vote** para sa madaliang link sa website ng halalan ng iyong estado o teritoryo at para hanapin ang iyong lokal na opisina ng halalan.

Karagdagang Kadalasang mga Tanong ng Botante:

- National Association of State Election Directors (NASED)
- National Association of Secretaries of State (NASS)

## Kung Paano ang Kalakaran ng Eleksyon

### Sino ang namamahala sa halalan sa aking estado?

Ang bawat estado ay mayroong pinunong opisyal ng halalan, na may papel ng pangangasiwa o pagpapayo sa mga pang-estado at pampederal na eleksyon. Subalit, ang mga eleksyon ay kadalasan pinangangasiwaan sa antas ng county level, bagaman sa ilang estado, mga lungsod o bayan ang nagpapatakbo ng eleksyon. Walang dalawang estado ang nangangasiwa ng halalan sa parehong paraan, at maaaring magkaroon ng mga pagkakaiba-iba sa loob ng isang estado. Ang mga eleksyon ay pwedeng patakbuhin ng isang indibidwal o departamento, isang konseho o komisyon ng halalan, o isang kumbinasyon ng dalawa o higit pang mga entidad.

Ang administrasyon ng halalan sa Amerika ay lubos na desentralisado. Mayroong higit sa 10,000 hurisdiksyon ng halalan sa Estados Unidos. Ang laki nitong mga hurisdiksyon ay nag-iiba, kung saan ang pinakamaliit na bayan na mayroong lang ilang daang nakarehistrong

botante at ang pinakamalaking hurisdiksyon sa bansa na may higit sa 5 milyon. Ang mga lokal na opisyal ng halalan ay umaasa rin sa mga sinanay na manggagawa sa botohan (kadalasan bipartisan o dalawang partido) na tumutulong sa mga botante sa panahon ng maagang pagboto at sa Araw ng Halalan. Sa pamamagitan ng function ng clearinghouse, ang EAC (Komisyon ng Tulong sa Halalan) ay nagbibigay ng patnubay at pinakamahusay na kagawian para tumulong sa mga opisyal ng halalan, ngunit ang EAC ay walang pangangasiwa sa regulasyon ng halalan.

Matuto pa tungkol sa kung sino ang nangangasiwa ng eleksyon sa iyong estado, sa pamamagitan ng pagbisita sa eac.gov/vote.

## Ano ang tungkulin ng manggagawa sa botohan? Paano ako magboboluntaryo?

Ang mga manggagawa sa botohan ay mahalaga sa pagpapatakbo ng eleksyon. Ang mga manggagawa sa botohan ay responsable sa pagbubukas ng presinto sa umaga ng halalan; nagche-check in sa mga botante at nagbibigay ng mga balota; tumutulong sa mga botante; nagsasagawa ng mga batas at pamamaraan sa halalan; nagpapanatili ng kadena ng pag-iingat sa mga balota, kagamitan sa pagboto, at mga gamit; pagsara ng mga presinto; at nagtutugma sa bilang ng mga botanteng nagcheck-in sa bilang ng mga balotang inihulog sa kanilang lokasyon.

Kadalasan, ang mga manggagawa sa botohan ay sinanay ng mga opisyal ng halalan at nagtatrabaho sila sa mga pangkat (kadalasang bipartisan o dalawang partido). Ang mga manggagawa sa botohan ay sumumpa na panindigan ang mga batas ng halalan at protektahan ang seguridad ng eleksyon.

Makipag-ugnayan sa iyong lokal na opisina ng halalan o bumisita sa helpamericavote.gov upang makakuha ng impormasyon kung paano mag-sign up bilang manggagawa sa botohan sa iyong estado.

## Sino ang pwedeng mag-obserba ng eleksyon?

Ang mga tagamasid ng halalan, na minsan tinatawag na “poll watchers,” ay miyembro ng publiko na maaaring mag-obserba ng mga nangyayaring hakbang sa proseso ng eleksyon. Ang bawat estado ay may sariling batas at pamamaraan sa kung sino ang pwedeng mag-obrserba ng halalan ngunit kadalasan, ang mga tagamasid ng halalan ay maaaring mga miyembro ng mga organisasyon tulad ng politikal na partido o grupong nonpartisan o hindi partidista, mga kinatawan ng kandidato, internasyonal na tagamasid, grupong lumalabas ng botohan, mga akademiko o kaugnay na pampederal at pang-estadong ahensya.

Ang tungkulin ng tagamasid ng halalan ay mag-obserba at subaybayan ang eleksyon, na hindi nilalabag ang pagkapribado ng botante o nanggagambala ng eleksyon. Ang mga

batas na namamahala sa mga tagamasid ng halalan ay iba-iba sa bawat estado. Makipag-ugnayan sa iyong lokal na opisina ng halalan para sa karagdagang impormasyon tungkol sa karapatan at responsibilidad ng ga tagamasid ng halalan sa iyong komunidad. Alamin pa ang tungkol sa pagmamasid sa halalan sa iyong estado sa pagbisita sa eac.gov/vote.

## Saan ko makikita ang resulta ng eleksyon?

Ang paunang resulta ng eleksyon ay ipinapadala ng lokal na hurisdiksyon sa mga opisyal ng halalan ng estado pagkatapos magsara ang mga botohan ng Araw ng Halalan. Pagkatapos, ang hindi opisyal na resulta ay ipapalabas sa website ng halalan ng estado at ibabalita sa media. Itong mga paunang resulta ay maaaring magbago pagkatapos ng Araw ng Halalan habang patuloy ang mga opisyal ng halalan na bumibilang ng kwalipikadong balota, kabilang dito ang pansamantalang balota, balota ng manliliban at ng koreo, at mga isinumiteng balota ng mga mambobotong militar at nasa ibang bansa. Sa oras na ang lahat ng balota ay nabilang, nasiguradong wasto at pare-pareho ang bilang ng balota at ng mamboboto, at napatunayan sa tinatawag na canvass, ang huling resulta ay ipapakita at iuulat, na maaari itong tumagal ng ilang araw o minsan naman, ilang linggo.

Bumisita sa eac.gov/vote para sa madaliang link sa website ng iyong estado o teritory para sa impormasyon tungkol sa resulta ng halalan ng estado.

## Bakit nagbabago ang resulta ng eleksyon pagkatapos ng gabi ng halalan? Kailan ba masasabi ang huling resulta ng halalan?

Binibilang ng mga opisyal ng halalan ang maraming balota hangga't maaari sa gabi ng halalan, ngunit ang resulta ng halalan sa gabi ay hindi opisyal at hindi ang huling bilang. Ang bawat estado ay may iba't ibang patakaran kung kailan maaaring bilangin ang mga balota sa koreo, balotang pansamantala balotang galing sa militar, at balotang galing sa ibang bansa. Halimbawa, ang ilang estado ay nangangailangan na ang lahat ng balota sa koreo ay dapat matanggap sa Araw ng Halalan. Ang iba naman ay tumatanggap na bilangin ang mga balota sa koreo kung sila ay may markang koreo bago ng Araw ng Halalan at natanggap sa isang tiyak na petsa.

Kapag natanggap na ang lahat ng mga balota, magsisimula na ang canvass. Kadalasang kasama sa prosesong ito ang pagsusuri ng kabuuan ng boto upang kilalanin at lutasin ang mga pagkakaiba sa pagitan ng bilang ng mga botante at at ng bilang ng mga balotang isinumite. Ang karamihan ng mga estado ay nagsasagawa din ng pag-audit para mas mapatunayan na ang kabuuan ng mga boto ay wasto.

Kapag nakumpleto na ang canvass (at sa maraming estado, ang pag-audit), ang resulta ng halalan ay magiging sertipikado na bilang huling resulta. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa resulta ng halalan, canvass at sertipikasyon, tingnan ang: https://www.eac.gov/election-officials/election-results-canvass-and-certification

Ang ilang karera o paligsahan ay maaaring bilangin muli pagkatapos ng proseso ng sertipikasyon dahil masyadong magkalapit ang resulta ng paligsahan o ang isang kandidato o interesadong pangkat ay humiling nito. Ang muling pagbilang ay magkaiba sa pag-audit dahil ang bawat balota sa paligsahan o sa isang bahagi ng paligsahan sa halalan ay muling binibilang, at bilang resulta, maaaring magbago ang opisyal na resulta ng halalan.

## Ligtas ba ang sistema ng pagboto?

Ang seguridad ng sistema ng pagboto ay mahalaga para sa magpagkakatiwalaan na halalan. Ang Election Assistance Commission (EAC o Komisyon ng Tulong sa Halalan) ay bumuo ng voluntary voting system guidelines (VVSG o Mga alituntunin sa sistema ng boluntaryong pagboto), na isang hanay ng mga pagtutukoy at kinakailangan, kabilang dito ang mga pamantayan ng seguridad at integridad, na dapat matugunan ng sistema ng pagboto upang makatanggap ng sertipikasyon. Ang EAC ay nagbigay din ng akreditasyon sa mga laboratoryo ng pagboto na sumusuri sa sistema ng pagboto sa mga pamantayan na ito. Ang pakikilahok sa programa ng pagsusuri at sertipikasyon ng EAC testing ay boluntaryo, ngunit ang karamihan ng mga estado ay gumagamit ng programa ng EAC sa pagsusuri at sertipikasyon. Ang mga estado ay maaari ring pumiling tumupad ng mas mahigpit na pangangailangan para sa sistema ng pagboto.

Ang bawat pang-estado at panlokal na hurisdiksyon ay gumagamit ng pamamaraan at kasangkapan na may sentido kumon para pangalagaan ang proseso ng pagboto at matikyak na ang resulta ng halalan ay puwedeng pagkatiwalaan. Ang karaniwang pinakamasuhay na kasanayan ay kinabibilangan ng paggamit ng mga kandado, mga selyo na may kakayahang magpakita ng ebidensya ng pakikialam, camera ng seguridad, ang pagsubok sa sistema bago ng at pagkatapos ng halalan, pag-audit, at pagkokontrolado ng pisikal at seguridad sa cyber. Ang bawat estado ay mayroon ding punong opisyal ng halalan na tumitiyak na mahigpit na sinusunod itong mga batas at pamamaraan.

**Ang mga karaniwang hakbang sa seguridad para sa sistema ng pagboto:**

- Pagbili ng mga sinubukan at sertipikadong sistema ng pagboto
- Paggawa ng programa sa lahat ng aparato alinsunod sa lokal na batas at regulasyon
- Pagsusuri sa katumpakan ng kagamitan ng pagboto bago nang halalan
- Pagsasagawa ng halalan kasama ang bipartisan na manggagawa at tagamasid
- Beripikasyon na ag kabuuang bilang ng binotohang balota ay tumutugma sa kabuuang bilang ng botante
- Pag-audit ng balota upang matiyak na tama sa pagbilang ng boto ang kagamitan sa pagboto

- Pagdodokumento at pagpapatunay na kahit dalawang testigo (mas mainam kung bipartisan) ay saksi sa paglipat ng mga balota at kagamitan sa pagboto mula sa isang pangkat o lugar papunta sa susunod
- Pagpapanatili ng pagkokontrolado ng pisikal na seguridad

Ang mga balota ay palaging mananatili sa kustodiya ng mga opisyal ng lokal na halalan na silang nagsasagawa ng halalan. Ang mga balota ay kinakailangan din na ligtas na nakatago pagkatapos ng halalan para maaari silang suriin bilang bahagi ng isang pag-audit o muling pagbilang. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa seguridad ng eleksyon, tingnan ang: https://www.eac.gov/voters/election-security.

Bisitahin ang eac.gov/vote para sa madaliang link sa website ng iyong estado o teritoryo para sa impormasyon tungkol sa seguridad ng halalan sa iyong estado.

## Mapagtitiwalaan ko ba ang kalalabasan ng halalan?

Maraming proseso at pamamaraan ang nakalagay sa lugar para tiyakin sa publiko na mapagtitiwalaan ang kalalabasan ng halalan. Kadalasan na tumatanggap ang mga opisyal ng halalan ng pang-estadong pagsasanay at propesyonal na pagtuturo sa pangangasiwa ng halalan. Ang halos bawat bahagi ng proseso ng halalan ay nangangailangan ng partisipasyon ng dalawa o higit pa na sinanay na opisyal na nanumpa na itaguyod ang lahat ng batas sa eleksyon at protektahin ang seguridad ng halalan. Ang mga tagamasid ng halalan, na minsan ay tinatawag na “poll watchers,” ay maaari ring nandoon para subaybayan o obserbahan ang halalan.

Ang mga makina ng pagboto, kabilang ang mga scanner ng balota ay sinubukan at sertipikado sa ilang pamantayan ng katumpakan. Ang karamihan ng mga estado ay nangangailangan ng mga pagsusuri sa lohika at katumpakan sa sistema ng pagboto bago ng bawat halalan. Bilang karagdagan sa pagsusuri bago ng eleksyon, ang karamihan ng estado ay nangangailangan din ng pag-audit pagkatapos ng bawat halalan. Sa panahon ng pag-audit, nirerepaso ng mga opisyal ng eleksyon ang mga papel na balota upang kumpirmahin ang katumpakan ng bilang ng makina. Tinitiyak ng pag-audit na ang mga balota ay binilang alinsunod sa bilang ng botante at ang resulta ng halalan ay maaasahan. Ang karagdagang impormasyon tungkol sa pag-audit ay matatagpuan sa ulat ng EAC Election Audits Across the United States.

Bisitahin ang eac.gov/vote para sa madaliang link sa website ng halalan ng iyong estado o teritoryo para sa impormasyon tungkol sa pagbilang ng balota sa iyong estado.

## Paano pinipigilan ng mga opisyal ng halalan ang isang tao na bumoto ng dalawang beses?

Ang isa sa pangunahing paniniwala ng demokrasya ay ang bawat tao ay may isang boto lamang. Ang mga opisyal ng eleksyon ay gumagawa ng maraming hakbang upang matiyak na ang mga botante ay bumoto lang ng isang beses sa isang halalan, o kung ang isang botante ay magsumite ng higit sa isang balota (hal., bumoto sa koreo at sumubok na bumoto sa personal sa Araw ng Halalan), na isang balota lang ang bibilangin. Upang magawa ito, responsable ang mga opisyal ng halalan para panatiliin ang kasalukuyan at tumpak na listahan ng botante, at inihahambing ng maraming estado ang rehistrasyon at talaan ng pagboto sa ibang estado. Itinatago ng mga opisyal ng halalan ang nakatelayeng talaan kung kailan inisyuhan ng balota ang mga botante, at kung ang mga balotang iyon ay isinumite.

Kung ang pagiging karapat-dapat ng isang botante ay hindi kayang matiyak (hal., ang botante ay wala sa listahan ng mga kwalipikadong botante, ang impormasyon ng botante ay hindi kumpleto o hindi tumpak, o nakatanggap na ang botante ng balota sa koreo at pinayagang bumoto), maaari silang payagan na bumoto ng pansamantala o fail-safe na balota. Ang pansamantalang balota ay itinatago nang hiwala sa ibang mga balota at ipoproseso lang at bibilangin kung ang opisyal ng halalan ay nagpatunay na kwalipikado ang botante at hindi pa siya bumoboto sa halalan.

Kung ang botante ay humiling ng isang balota sa koreo, bineberipika ng mga opisyal ng halalan ang kahilingan ay ginawa ng botante bago ibigay ang balota. Kapag ang isang balota ay ibinalik sa opisina ng halalan, bineberika ng mga opisyal (kadalasang mga bi-partisan na mga pangkat) ang pirma o iba pang impormasyon ng pagkakakilanlan sa sobre ng balota upang siguraduhin na ito ay isinumite ng botante. Kung ang kinakailangang impormasyon ay nawawala o hindi kumpleto, o kung ang isang pirma ay kinakailangan at hindi ito tumutugma sa nakatago sa file, hindi bibilangin ang balota. Sa ibang pagkakataon, maaaring abisuhan ang botante at bigyan ng pagkakataon na ayusin ang isyu.

Bisitahin ang eac.gov/vote para sa madaliang link sa website ng halalan ng iyong estado o teritoryo para sa impormasyon tungkol sa pagsubaybay at pagbilang ng balota sa iyong estado.

# Pagpaparehistro ng Botante

## Paano ako magparehistro para bumoto?

Sa lahat ng estado maliban sa Hilagang Dakota, kailangan mong magparehistro para bumoto para lumahok sa halalan. Ang mga kinakailangan sa pagiging karapat-dapat ay iba't iba sa bawat estado, pero kadalasan para makarehistro para bumoto, kailangan mong:

- Maging isang mamamayan ng Estados Unidos
- Hindi bababa sa 18 taong gulang sa Araw ng Halalan

- Matugunan ang ilang kinakailangan sa paninirahan

Maaari kang bumoto sa personal, sa koreo, at sa online sa maraming estado. Kung hindi ka pa nagparehistro o kailangan mong baguhin ang iyong pagpaparehistro, siguraduhin mong magawa ito bago matapos ang huling araw sa iyong estado. Maraming estado na nagpapahintulot sa mga botante na magrehistro sa Araw ng Halalan, ngunit ang ibang estado ay may huling araw nang hanggang 30 araw bago ng halalan.

Some states may allow people who are under 18 to pre-register to vote, so they can vote as soon as they are eligible.

Bisitahin ang [eac.gov/vote](eac.gov/vote) para sa madaliang link sa website ng halalan ng iyong estado o teritoryo upang makakuha ng karagdagang impormasyon sa pangangailangan sa pagpaparehistro. Maaari mo ring i-download at i-print ang Pambansang Form sa Pagpaparehistro ng Botante sa Koreo. Itong form ay maaaring gamitin para magparehistro para bumoto sa bawat estado maliban sa Hilagang Dakota, Bagong Hampshire, at Wyoming, at ito ay maaaring makuha sa 21 wika. Para madownload itong form, pumunta sa: https://www.eac.gov/voters/national-mail-voter-registration-form

## Paano ko mapapalitan ang aking kaakibat na partidong pampulitika?

Ang proseso sa pagbago ng iyong pagkakaugnay sa isang politikal na partido ay kadalasang pareho sa proseso ng pagrerehistro para bumoto.

Ang ilang estado ay nangangailangan sa iyong ipahayag ang iyong kaakibat na partido kapag kayo ay magpaparehistro, habang ang iba naman ay hindi sumusubaybay sa iyong kaakibat na partido. Kung ang iyong estado ay sumusubaybay sa kaakibat na partido, may makikita kang tanong sa iyong form ng pagpaparehistro ng botante kung saan ipapahayag mo ang iyong kaakibat na partidong pampulitika.

Ang ilang estado ay nangangailangan sa mga botante na magparehistro kasama ang kaakibat na partido sa mga pangunahing halalan. Sa pangkalahatang halalan (na kadalasang nangyayari sa Nobyembre), pwede kang bumoto sa kahit kaninong kandito na gusto mo, anuman ang kaakibat ng partido.

Bumisita sa [eac.gov/vote](eac.gov/vote) para sa madaliang link sa website ng halalan ng iyong estado o teritoryo kung saan ka makakakuha ng karagdagang impormasyon.

## Paano ko i-update ang aking impormasyon ng botante (pangalan, address, partidong pampulitika, atbp.)?

Ang proseso ng pag-update ng iyong rehistrasyon ng botante ay kadalasang pareho sa proseso ng pagpaparehistro para bumoto.

I-update mo ang impormasyon ng iyong rehistrasyon ng botante kung:

- Lumipat ka
- Nagpalit ka ng pangalan
- Gusto mong palitan ang iyong kaakibat na partidong pampulitika
- Hindi ka nakaboto sa nakaraang apat na taon

Bumisita sa eac.gov/vote para sa madaliang link sa website ng halalan sa iyong estado o teritoryo upang malaman ang iyong mga opsyon sa pagpaparehistro para bumoto. Pwede ka ring magsumite ng papel na National Mail Voter Registration Form sa iyong lokal na opisina ng halalan. Itong form ay maaaring gamitin para magparehistro muli para bumoto sa lahat ng estado maliban sa Hilagang Dakota, Bagong Hampshire, at Wyoming, at ito ay maaaring makuha sa 21 wika.

## Paano ko suriin ang aking impormasyon sa rehistrasyon ng botante?

Ang bawat estado ay gumagawa ng sarili nitong mga batas sa pagboto, kabilangn ang kung paano kumpirmahin ang iyong rehistrasyon. Kadalasan mong masusuri ang iyong impormasyon sa rehistrasyon ng botante sa online o sa pagtawag sa iyong lokal na opisina ng halalan. Kung ikaw ay rehistrado na para bumoto, mahalagang suriin para tiyakin mong napapanahon at tumpak ang iyong impormasyon sa rehistrasyon ng botante, lalo na kung ikaw ay lumipat kamakailan o nagbago ng iyong pangalan. Bumisita sa eac.gov/vote para sa madaliang link sa website ng halalan ng iyong estado o teritoryo para makakuha ng pinakadetalyado at pinakanapapanahon na impormasyon kung saan ka nakatira.

## Paano ko kanselahin ang rehistrasyon ng botante?

Ang mga pang-estado at lokal na hurisdiksyon ay may magkaibang opsyon para sa mga botante ng gustong ikansela ang kanilang rehistrasyon ng botante. Kung ikaw ay nakarehistro para bumoto at gusto mong kanselahin o bawiin ang iyong rehistrasyon ng botante, maaari kang matulungan ng iyong lokal na opisina ng halalan.

Bisitahin ang eac.gov/vote para sa madaliang link sa website ng halalan ng iyong estado o teritoryo kung saan ka makakahanap ng direktoryo ng lokasyon ng mga opisina ng halalan.

## Paano ko ire-report ang isang rehistradong botante na hindi na nakatira sa address ko o isang rehistradong botante na namatay kamakailan?

Kung nakatanggap ka ng panghalalang koreo para sa taong hindi na nakatira sa iyong address o namatay na, makipag-ugnayan sa iyong lokal na opisina ng halalan upang ibigay-alam sa kanila.

Mahalaga ang pagpapanatili ng napapanahon na listahan ng rehistrasyon para sa pangangasiwa ng halalan. Ang lahat ng estado ay gumagawa ng mga hakbang para mapanatiling napapanahon ang listahan ng rehistrasyon ng botante, ngunit minsan hindi alam ng mga opisina ng halalan na mayroong lumipat o namatay. Bisitahin ang eac.gov/vote para sa madaliang link sa website ng halalan ng iyong estado o teritoryo kung saan ka makakakita ng direktoryo ng lokal na opisina ng halalan.

# Paraan para Bumoto

## Paano ako bumoto ng personal sa Araw ng Halalan?

Ang lahat ng estado ay nag-aalok ng opsyon para sa mga botante na bumoto ng personal sa Araw ng Halalan. Sa ilang estado, kinakailangang pumunta ang mga botante sa isang tiyak na lokasyon para bumoto sa Araw ng Halalan, habang ibaw ay nagbibigay ng mga sentro ng botohan kung saan ang kahit sinong botante sa hurisdiksyon ay pwedeng bumoto.

Bumisita sa eac.gov/vote para sa madaliang link sa website ng halalan ng iyong estado o teritoryo para makahanap ng iyong lokasyon ng botohan, ang oras, at kung kakailanganin mong magdala ng kahit ano (tulad ng ID) para bumoto.

## Paano ako makakaboto ng maaga?

Maraming estado ay nagpapahintulot sa mga botante na bumoto ng personal bago ng Araw ng Halalan. Sa ilang estado, ang maagang pagboto ay maaaring maging kasangkot ang pagsumite ng balota sa lokal na opisina ng halalan, habang sa iba naman maaari kang bumoto sa lokasyon ng botohan sa Araw ng Halalan. Para malaman kung ang iyong estado ay nag-aalok ng pagboto ng personal bago ng Araw ng Halalan at kung saan ka pwedeng bumoto, bisitahin ang eac.gov/vote, piliin ang iyong estado o teritoryo, at i-click ang link para sa 'Absentee/Mail and/or Early Voting Information.'

## Paano ako makakaboto sa koreo?

Ang bawat estado ay may sariling batas tungkol sa kung sino ang pwedeng bumoto sa koreo. Ang ilang estado ay nangangailangan ng dahilan para bumoto sa koreo, ang ilan ay nagpapahintulot sa kahit sino na humiling ng balota sa koreo, at ang iba ay awtomatikong nagpapadala sa botante ng balota sa koreo. Ang halimbawa ng mga dahilan ay maaaring kinabibilangan ng pagkakasakit, pinsala, kapansanan, higit sa isang tiyak na edad, paglalakbay sa labas ng iyong komunidad sa Araw ng Halalan, pagiging mag-aaral ng kolehiyo na malayo sa kanyang tahanan, o pagsilbi sa hukbo. Kung humiling ka ng balota sa koreo, siguraduhin mong suriin ang huling araw para ibalik sa tamang oras ang iyong balota para maisama ito sa bilang (kabilang ang tinatayang oras paras sa pagpdala).

Kung nakatanggap ka ng pangmanliliban o pangkoreong balota, basahin nang mabuti ang mga tagubilin kung paano at kailan ibabalik ang balota sa koreo.

- Fill-upan ang lahat ng hinihinging impormasyon sa sobreng ibabalik. Ang ilang estado ay nangangailangan ng notaryo o pirma ng testigo sa sobre kapag ibabalik ang balota sa koreo.
- Maliban kung sabihin ng iyong sobreng ibabalik na ang selyo ay bayad na, siguraduhin mong mayroong sapat na selyo ang iyong sobreng ibabalik bago ipadala ang iyong balota sa koreo.
- Ayon sa rekomendasyon ng USPS, ibalik ang iyong balota sa koreo ng hindi bababa sa isang linggo bago ng huling araw ng estado upang siguraduhin na dumating ito sa opisina ng halalan sa tamang oras.
- Depende sa batas at pamamaraan ng iyong hurisdiksyon, maaari mo ring ibalik ang iyong pang-koreo na balota ng personal o sa isang dropbox sa iyong hurisdiksyon.

Maraming estado ang nagpapahintulot sa mga botante na subaybayan ang katayuan ng kanilang pang-koreo na balota sa online.

Tandaan: Sineseryoso ng mga opisyal ng halalan ang iyong pagkapribado, at maraming hakbang ang ginagawa upang matiyak na manatiling pribado ang iyong boto. Ang mga opisyal ng halalan ay nagtatago ng talaan kung kayo ay bumoto, pero hindi nila masasabi kung paano kayo bumoto

Makakakuha kayo ng karagdagang impormasyon tungkol sa pagboto sa iyong estado, kabilang ang impormasyon tungkol sa pagboto sa koreo sa iyong estado, kasama ang impormasyon tungkol sa pagsubaybay sa balota sa koreo kung ito ay inaalok sa iyong estado, sa eac.gov/vote.

**Pagiging Accessible ng Pagboto sa Koreo**

Makipag-usap sa iyong pang-estado o panlokal na opisina para sa impormasyon tungkol sa mga accessible na opsyon para sa paghiling, pagmarka, at pagbalik ng iyong balota sa koreo. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa proseso ng pagiging accessible sa pagboto sa koreo, pakitingnan ang Pinakamahusay na Kasanayan: Pagiging Accessible para sa Pagboto sa Koreo.

## Paano ba gumagana ang mga dropbox?

Ang ilang estado ay pumapayag sa mga botante na ibalik ang kanilang pangkoreo/pangmanliliban na balota sa isang ligtas na dropbox. Inalis ng mga dropbox ang pangangailangan sa pambalik na selyo dahil pinapayagan nila ang mga botante na ibalik ang kanilang balota nang direkta sa mga opisyal ng halalan, sa halip na gamitin ang

serbisyo sa koreo. Maaari itong kapaki-pakinabang para sa mga botante na maaaring walang sapat na oras para ibalik ang kanilang balota sa koreo.

Para bumoto gamit ang isang dropbox:

- Ilagay ang iyong balota sa loob ng sobreng pambalik ng balota at fill-upan ang lahat na hinihinging impormasyon sa pambalik na sobre. Ang ilang estado ay nangangailangan ng notaryo o pirma ng saksi sa sobre kapag ibabalik ang balota sa koreo.
- Ibalik ang iyong balota sa isang dropbox sa loob ng iyong komunidad. (Tandaan: Siguraduhin na ang dropbox ay malinaw na namarkahan bilang pagmamay-ari ng county, lungsod, o kabayanan kung saan ka nakatira.)
- Kung gagamit ng dropbox, siguraduhin na ibalik ang iyong pangkoreo na balota na hindi lalampas sa pagsara ng botohan sa Araw ng Halalan.

Ang bawat estado ay may sariling batas at pangangailangan para sa pag-secure ng mga dropbox. Kadalasan, itong mga pangangailangan ay kinabibilangan ng mga tiyak na kandado o selyo, pagmamatyag sa bidyo, at hanay ng kinakailangan sa pangangalaga. Ang ilang estado at lokalidad ay naglalagay lang ng mga dropbox sa mga gusali ng pamahalaan o sa mga ligtas na itinalagang lokasyon sa isang hurisdiksyon. Ang mga opisyal ng halalan lang (kadalasang mga bipartisan na pangkat) ay awtorisadong mangolekta ng mga balota sa sandaling sila ay inilagay sa dropbox. Upang matuto nang higit pa kung paano ginagawang ligtas ng mga opisyal ng eleksyon ang mga dropbox, tingnan ang patnubay na inilabas ng EAC at ng Cybersecurity and Infrastructure Agency (CISA o Ahensya ng Pang-cyber na Seguridad at Imprastraktura) sa epektibong paggamit at pag-secure ng mga dropbox.

Bisitahin ang eac.gov/vote para sa madaliang link sa website ng halalan ng iyong estado o teritoryo upang tiyaking kung makakagamit ka ng mga dropbox sa iyong lugar.

## Mamamayan ako ng Estados Unidos, pero nakatira ako sa ibang bansa. Paano ako makakaboto?

Ang mga botante na militar o nasa ibang bansa at ang kanilang pamilya ay may natatanging hamon sa pagboto. Bukod sa iba pang mga proteksyon, kinakailangan ng pederal na batas na (1) makakaboto ang mga botante na militar at nasa ibang bansa at makatanggap sila ng balota sa elektronikong paraan, at (2) ang balota ay ipinadala sa koreo nang hindi lalagpas sa 45 araw bago ng pederal na halalan. Maraming estado ay may karagdagang proteksyon para sa botante na militar at nasa ibang bansa para sa lahat ng eleksyon, hindi lang sa pederal na halalan.

Ang batas ng estado ang tutukoy sa mga kinakailangan sa paninirahan para sa mga mamamayan sa ibang bansa para bumoto sa pang-estado at pampederal na halalan. Ang Federal Voting Assistance Program (FVAP o Programa ng Pampederal na Tulong sa Pagboto) ay may mapagkukunan para sa mga miyembro ng serbisyo, ang kanilang pamilya, at mamamayan sa ibang bansa na gustong bumoto. Maaaring gamitin ng mga botante ang Patnubay sa Tulong sa Pagboto ng FVAP para makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa pagboto sa kanilang estado, at kung paano humingi at magbalik ng kanilang balota.

## Ano ang aking mga karapatan bilang botante?

Ang bawat estado ay may sariling hanay ng mga batas na namamahala kung paano ginaganap ang mga eleksyon, ngunit mayroong maraming pederal na batas na nagpoprotekta sa karapatang bumoto ng mga kwalipikadong mamamayan ng Estados Unidos. Ang 1965 na Batas ng Karapatan sa Pagboto ay nagbabawal ng diskriminasyon at nangangailangan ng hurisdiksyon na payagan ang tulong sa pagboto sa halos lahat maliban sa ilang mga pangyayari, at ang Help America Vote Act (Batas ng Tulungan ang Amerika na Bumoto) ay nagpepresenta na (1) ang mga botante ay dapat may kakayahan na bumoto nang pribado at malaya, (2) sila ay dapat bigyan ng pagkakataon na palitan o itama ang kanilang balota bago ito isumite, at (3) pinapayagan ang mga botante na bumoto ng pansamantalang o fail-safe na balota.

### Ang Iyong Karapatan Kapag Boboto

Ang mga pederal na batas sa halalan ay tumutulong na protektahin ang iyong karapatan sa pagboto at sa proseso ng eleksyon. Kadalasan, ang mga botante ay may karapatan na:

- Bumoto kung sila ay nakapila pa kapag nagsara ang botohan
- Humingi ng isa pang balota kung sila ay nagkamali
- Humingi ng pansamantalang balota kung sila ay wala sa listahan ng botante sa lokasyon ng kanilang botohan
- Humingi ng tulong sa wika mula sa manggagawa sa botohan kung kailanganin nila ang tulong magbasa o intindihin kung paano bumoto
- Hindi matakot o maharass habang bumoboto

### Ang Pagboto na may Kapansanan

Ang pederal na batas ay nagbibigay ng proteksyon sa mga botanteng may kapansanan. Sa partikular, ang mga botante na may kapansanan ay may karapatan na:

- Bumoto nang pribado at malaya
- Magkaroon ng maa-access na lokasyon ng botohan na may makina ng pagboto para sa mga botanteng may kapansanan

Ang mga botante ay maaaring alinman na:

- Humingi ng tulong mula sa manggagawa sa kanilang lokasyon ng botohan na sinanay na gumamit ng maa-access na makina ng pagboto, o
- Magdala ng kasama na tutulong sa kanilang bumoto

Ang mga botante ay maaaring humingi ng impormasyon tungkol sa tulong panggabay sa pagboto, tulong sa pagboto, at pamamaraan sa balota ng manliliban na maaaring makuha.

Para sa karagdagang impormasyon, bumisita sa eac.gov/vote o kontakin ang U.S. Election Assistance Commission (Komisyon ng Tulong sa Halalan) sa telepono sa 866-747-1471 o sa email sa listen@eac.gov. Maaaring makakuha ng impormasyon tungkol sa Batas ng Amerikanong may Kapansanan sa ada.gov.

**Karagdagang Mapagkukunan**

Ang pinakamahusay na mapagkukunan ng impormasyon para sa pagpaparehistro ng pagboto at batas sa pagboto ng iyong estado ay ang iyong pang-estado o panlokal na opisina ng halalan. Bisitahin ang eac.gov/vote para sa madaliang link sa website ng halalan ng iyong estado o teritoryo.

Makakakuha ka ng karagdagang impormasyon tungkol sa pederal na batas sa website ng Dibisyon ng Karapatang Sibil justice.gov/crt/voting-section.

Para sa listahan ng mga batas at proteksyon ng pampederal na karapatan sa pagboto, pati na rin sa iba pang impormasyon sa pagboto, bumisita sa usa.gov/voting at sa vote.gov.